

LIMANG TULA

Emmanuel Quintos Velasco

Parola

Hindi iilang buhay
ang nagpatuloy sa kabuktutan
o sa kabutihan dahil sa iyo.

Hindi iilang pag-ibig
ang umusbong o umurong
dahil natanaw ang ilaw.

Magluluwat ang paglalakbay
na iyong linilikha
nang higit sa iyong akala.

Laging malayo ang pantalan
sa nawawala.

Daan Pauwi

Gumagapang sa gilid ng bangin
ang daan natin pauwi, sumisikot
sa bundok na pinaghatian
ng dalawang bayan.

Sa bukana ng pag-akyat,
kakanan ang landas, palayo sa kapatagan.
Doon mo sisimulan ang panalangin,
hahawak sandali sa krus
ng rosaryong nakabitin.

Batid mo ang ugali kong
magpaabala sa mga larawang
kuha sa isang kisap-mata—

sa bahaging ito,
pinagsalikupan ang langit
ng mga punong pinakisig ng pagtanda
at ng matagal na pagkakatulos sa lupa;

sa bahaging ito,
batik-batik ang daan,
laksang bakas ng liwanag,
pilit pinagtatakpan ang mga lubak
na hinukay ng bigat ng gulong at ulan.

sa bahaging ito,
napapatitig ang araw, namamangha
kung paanong singkitid ng mangmang
na pang-unawa ang mga kurbada ng daang
tinatalunton ng ating sasakyan.

May pagkakataon sanang
huminto sa isang pahingahan
kung saan tanaw ang lahat,
ngunit hindi natin ito kinasanayan.
Salat tayo sa panahon.
Mahaba ang ating lalakbayin,
at hindi ka paaabala
sa iyong tahimik na dalangin
hanggang muli mong hawakan ang krus
pagdating natin sa paanan ng bundok
na ating hinahati tuwing umuuwi.

Tabula Rasa

Kumupad ang sulyap
nang magduda
kung ang nakita
ay mukha ng dating
araw-araw kasama,

kaya nagtimpi
ang siklab ng pagtanggap
sa naglaho.

Agad ibaling
sa malayo ang pansin,
maglakad kung saan
hindi matitisod ang paningin
sa tuldok ng aking pangalan,

at mabubura akong muli,
isang guhit sa lupang
walang kurong yayabagan.

Tungkol sa Alabok

Natitipon nang dahan-dahan,
lumalatag sa sahog
at dumidikit sa talampakan
nang paunti-unti hanggang
mapuno ang mga munting bangin,
inukit ng bulag na pagyapak
sa mga butil ng salaming
hindi sinasadyang mabasag.

Lulutang sa hangin
kapag ginambala ng walis,
kakapit sa inutil na init
ng silahis na lumalagos
sa siwang ng durungawan,
naghihintay ng hangin
na masasabayan upang marating
ang di maaabot ng basahan.

Paglipas ng alimpuyo,
muling dadapo
sa tungko ng ilong, sa pisngi,
lalapag sa kilay ng katawang
mabagal na naaagnas
sa bawat pagkalas ng patay na buhok,
sa bawat pagtakas ng pawis,
ng tuyong balat at luha.

Nalilikha, nananatili, nawawala.

Bata sa Lilim ng mga Puting Mandevilla

Gumapang ang baging
sa kabuuan ng pergolang
yari sa bakal at namulaklak
na para bang engkantado
ang paligid kung saan ka naglalaro—

ikaw, batang mapusyaw na lila
ang suot na bestida, nakasambalilo,
kulang ng isang ngipin ang ngiti.

Nagtatanim ng mithi sa puso,
nagtatanong sa isipan
ang ganitong mga larawan.